IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 9 September 2025, eISSN: 2799-0664

# Alingawngaw ng Kalikasan sa Oral na Panitikan ng Tboli

**ELMA P. TAMSE**
New Rizal High School,Mlang, Cotabato
elma.tamse1976@gmail.com

**NELIA O. DU**
University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato
2nodu@usm.edu.ph

*Abstract* — Pangkalahatang layunin ng pag-aaral na makakolekta at makasuri ng mga oral na panitikan ng mga Tboli sa lente ng ekokritisismo. Tinangkang sagutin ang suliranin na (1) Ano-ano ang mga isyung pangkalikasan na masasalamin sa mga oral na panitikan?

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, ang kombinasyon ng pamaraang palarawan o deskriptibo at pamaraang indehinus o pangkatutubo. Sinuri ang mga nakalap na oral na panitikan sa pamamagitan ng palarawan/deskriptibong pagsusuri, partikular ang pamaraang kontent analisis. Ang mga orihinal na datos na nalikom ay kinuha mula sa mga katutubong Tboli ng Lemsnolon, South Cotabato. Ang nalikom na mga oral na panitikan ay isinatitik at isinalin sa Wikang Filipino ng Tboli na maalam sa wika at kultura ng kanyang pangkat na kinabibilangan. Isa-isang sinuri ang mga oral na panitikan. Pagkatapos nito ay sumailalim sa balidasyon upang makatiyak sa kawastuhan ng pagsusuring isinagawa.

Pagkatapos ng isinagawang pag-aaral, napatunayan ng mananaliksik na masasalamin sa mga oral na panitikan ng Tboli ang mga pangunahing isyung pangkalikasan katulad ng pang-aabuso at pagpapabaya sa kalikasan, kawalan ng katarungan at pagkagahaman sa kayamanan.

***Mga Susing Salita: Ekokritisismo,Isyung Pangkalikasan,Oral na Panitikan, Tboli***

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

# I. INTRODUCTION

Noon pa man, nariyan na ang suliranin at mga isyung pangkapaligiran na kinakaharap ng sangkatauhan. Nariyan ang walang humpay na paglindol, malalakas na pagbagyo, matitinding pagbaha, landslide, at pagbababago ng klima. Ang mga tao at lahat ng mga nabubuhay sa mundo ang labis na naapektuhan sa mga sigwa at sa hindi kanais-nais na mga pagbabagong ito. Habang tumatagal, palala nang palala at patindi nang patindi ang mga natural na kalamidad na ito. Kahit ang mga matatanda ay nagsasabing ngayon lamang nila naranasan ang ganitong hagupit ng kalikasan. Dahil sa mga ipinapakita at nararanasang mga kalamidad, marami tuloy ang nag-iisip na malapit na ang katapusan ng daigdig. Marahil ito na ang ganti ng Inang kalikasan sa pang-aabuso ng mga tao sa kanyang kapaligiran. Ano ba ang dahilan ng mga sakunang ito? Sabi sa sipi ni Dizon (2018) mula kay Glotfelty (1996), "We are facing a global crises today, not because of how our ecology systems function but because of our ethical system function". Maliwanag na sinasabi sa sipi na dahil sa kawalan ng wastong pamaraan ng tao sa paggamit ng kalikasan ang dahilan kung bakit nangyayari ang mga delubyong ito.

Kitang-kita ang malaking ugnayan ng tao at kalikasan, nakikinabang ang tao rito ngunit hindi ito pinapahalagahan. Ang kalikasan ay biyayang nagmula sa Diyos. Ang langit at lupa, bundok at burol, ilog at dagat, mga hayop, puno, at halaman ang nagbibigay sa tao ng lahat ng kanyang mga pangangailangan, mula sa pagkain, damit at tahanan ito ang kanyang kabuhayan. Habang ang tao naman ay nilikha upang bantayan at alagaan ang kalikasan.

Maraming mga mananaliksik ang nangolekta at nagsuri ng mga oral na panitikan ng iba't ibang pangkat-etniko sa bansa ngunit kakaunti pa lamang ang nagpokus sa pagsusuri sa mga nilalaman nitong may kaugnayan sa kalikasan. Ang mga pagsusuring isinisasagawa ay laging nakatuon sa mga balyung nakapaloob sa mga oral na panitikan kaya't napapanahong mabigyang tuon naman ang hinggil sa himutok ng mga katutubo hinggil sa pagkasira ng kalikasan at ang kanilang pagpapahalaga sa mga ito.

Ang kakulangan ng kaalaman sa kahalagahan ng kalikasan, modernisasyon, kasakiman, abusadong paggamit nito at kawalan ng disiplina sa pagputol ng mga punong kahoy, maling pamaraan ng pangingisda, pagtatapon ng basura sa mga estero, ilog at dagat, pagtatayo ng maraming imprastraktura at ilegal na mga pagmimina ang mga dahilan kung bakit nagkakaroon

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ng mga di maiwas-iwasang mga sigwa, kung bakit nararanasan ang matinding palo ng kalikasan na kapag nagalit damay ang lahat. Damang-dama ang ganti nito. Buhay lagi ang kapalit at pagkawasak ng kabuhayan.

Naniniwala si Dizon (2018) na minomolde ng kalikasan ang kultura at pamayanan ng tao. Ganoon din hinuhubog ng pamayanan at kultura ang kalikasan. Kung paano nakikipag-ugnayan ang tao sa kapaligiran ay makikita natin sa maraming panitikang pasulat o oral man. Sinasabing ang panitikang oral ay maaaring suriin hindi lamang sa pagkilala sa tao bilang aktor kundi pagkilala rin sa kalikasan bilang protagonist ng mga akda.

Magkaugnay ang tao at kalikasan sa mga panitikang umiiral. Ito ay mahalagang ugnayan na dapat tutukan ng pansin. Sa pamamagitan ng panitikang pangkalikasan, maihahayag ang magaganda at di kanais-nais na mga pangyayari sa kultura at kapaligiran. Bukod dito, malaki ang maitutulong ng mga akdang pampanitikan upang ipaunawa at ipaintindi sa mga tao ang wastong pagkalinga sa kalikasan na para rin naman sa kanyang kapakanan.

Kaya upang makilala ang interkoneksyon ng panitikan sa kalikasan, isang pangkat ng mga katutubong Tboli ng Lemsnolon, South Cotabato ang napili ng mananaliksik upang pag-aralan at suriin ang kanilang mga oral na panitikan kaugnay ng mga isyung pangkalikasan na tinalakay sa kailang oral a panitikan.

## Literature Review

### Mga Isyung Pangkalikasan

Habang nagbabago ang panahon at paunlad nang paunlad ang mundo, hindi maitatago ang lumalaki at lumalalang isyu o problemang pangkalikasan. Kakambal na ito ng pag-unlad.

Sa katunayan ang Pilipinas ay itinuturing bilang isa sa mga bansang maaaring makaranas ng iba't ibang uri ng kalamidad at krisis pangkapaligiran (Ferrer, 2017).

Ang bansa ay mapanganib sa mga natural na kalamidad dahil sa kanyang lokasyon na malapit sa Pacific Ring of Fire at nakaharap pa sa Pacific Ocean. Ibig sabihin, ang madalas na

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

paglindol, maraming volcanic eruption, mga malalakas na bagyo at malalaking pagbaha ay sadya at natural lamang na mararanas ng bansa at mga bansang malapit dito. Bukod sa mga nabanggit, nariyan din ang problema sa polusyon, pagtotroso, deforestation, paggamit ng dinamita sa pangingisda, ilegal na pagmimina, pagkakaingin, landslide, pagkalipol ng mga hayop, pagbabago ng panahon, global warming at epidemya (Wikipediang Tagalog, 2019). Ang mga ito ay banta sa buhay ng lahat ng nilalang sa sansinukob.

Malaki ang problema at hamong kinasasadlakan ng ating bansa dahil sa pang-aabuso at pagpapabaya ng tao sa kalikasan. Ang kapabayaang ito ay nagpapalala sa mga natural na kalamidad gaya ng pagkakaroon ng malalakas na bagyo, pagguho ng lupa, malawakang pagbaha, at paglindol (Ferrer, 2017).

Ayon kay Coates, (2005) ang malawakang pagkasira ng kalikasan o kapaligiran ay nagaganap kapag sobra-sobra ang paggamit ng tao sa mga likas na yaman na labis sa kakayahan ng kalikasan na muling punan ito. (Mabaquio, Jr., 2018). Katulad ng pagputol sa mga puno. Dahil sa labis ang demand nito sa merkado, walang habas naman ang tao sa pagtabas nito. Hindi pinapalitan o tinatamnan ng bago o kaya naman kahit bata pa ay pinuputol na kaya pag dating ng tag-ulan at bagyo, problema sa baha ang dulot nito.

Tinalakay naman sa kanta ng bandang Asin na pinamagatang “Masdan Mo Ang Kapaligiran” ang gawi ng tao na nakokompromiso ang kalagayan ng kalikasan. Ipinakita sa kanta ang epekto ng mga gawi ng tao dahil sa Kagustuhang mapaunlad ang kabuhayan maging ang lugar na tinitirhan. Mababasa ito sa bahagi ng awitin na:

> Hindi na masama ang pag-unlad at malayu-layo na rin ang ating narating ngunit masdan mo ang tubig sa dagat dati'y kulay asul ngayo'y naging itim ang mga duming ating ikinalat sa hangin sa langit huwag na nating paabutin upang kung tayo'y pumanaw man, sariwang hangin sa langit natin matitikman

Hindi nakikita ng tao o maaaring nagbubulag-bulagan sa mga nakikita sa paligid sapagkat natatabunan ng kasiyahan sa mga modernong kagamitan na mas higit nilang pinag-uukulan ng

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

atensyon. Hindi namamalayan na isa pala sila sa nagwawasak ng kapaligiran. Kaya ang tanging hiling ng may-akda ay wag paabutin ang dumi ng hangin sa kalangitan para kapag namatay sila, may sariwang hangin pa silang magigisnan. Sa awit, mababakas ang sobra-sobrang paggamit at pang-aabuso ng tao sa mga likas na yamang ipinagkaloob ng Maykapal.

Ang suliranin sa kalikasan ay mahalagang matugunan sa pamamagitan ng maayos at makatarungang pagbabahagi sa lahat ng mamamayan ng pakinabang at pabigat na nanggagaling sa ating kapaligiran at kalikasan, gaya ng 'pinaka-kaunting pangangailangan' (social minimums). Hindi ang pagpapalago ng ekonomiya at pagbabawas sa masamang epekto ang mahalaga, kundi ang makatarungang paggamit sa kalikasan para magkaroon ng mainam na buhay. Masasalamin na ang pinag-ugatan ng malalaking problema ay sa pagkamakasarili at ganid ng mga mayayaman at makapangyarihan na likumin ang lahat ng pakinabang mula sa likas-yaman ng mundo. Ang kagubatan, mineral, katubigan, at mga pangisdaan ay nauubos dahil sa malayang pamilihan kung saan mas nakikinabang ang mga may-kaya nang sobra sa kanilang pangangailangan. Tulad na lang ng mga pangisdaan, na minamaniobra ng mga dayuhang pamilihan para magkaroon ng malaking imbak ng sariwang isda sa kanilang mga restaurant, at grocery, dahilan kung bakit wala ng naiiwang isda para sa mga Pilipino. Dapat na unang bigyan ng pansin ay ang hamon ng kasalukuyang pag-iisip sa henerasyon ng mga tagapamahala at pinamamahalaan: ang pilosopiya ng malayang kalakaran at pamilihan na dahilan ng pagkaubos ng likas na yaman. (Batongbacal, 2010).

## II. METHODOLOGY

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, ang kombinasyon ng pamaraang palarawan o deskriptibo at pamaraang indehinus o pangkatutubo. Sinuri ang mga nakalap na oral na panitikan sa pamamagitan ng palarawan/deskriptibong pagsusuri, partikular ang pamaraang kontent analisis.

Ang lokal ng pag-aaral ay Lemsnolon, South Cotabato kung saan naninirahan ang mga Tboli. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagtukoy sa mga impormante. Mahalaga sa impormante ang may marami at malawak na kaalaman tungkol sa mga awiting bayan

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

at kwentong bayan ng Tboli na may kaugnayan sa kalikasan. Ang mga sumusunod ang ginamit na batayan sa pagpili ng mga impormanteng kabilang sa pag-aaral. (1) Katutubong Tboli ng Lemsnolon, Tboli, South Cotabato. (2) May edad na limampu (50) pataas. (3) Malawak ang kaalaman tungkol sa mga oral na panitikan.

Sa pangangalap ng datos, ang mananaliksik ay sumulat sa NCIP upang maipalam ang gagawing pananaliksik. Pagkatapos nito ay humingi siya ng pahintulot sa datu ng lokal ng pag-aaral. Ginawang gabay ng mananaliksik ang pamaraang *Indehinus* nina Santiago at Enriquez. Ang mananaliksik ay nakitungo, nakibagay, nakisama, nakipagpalagayang-loob at nakiisa sa mga Tboli sa lugar. Pagkatapos na mangalap ang mga awiting-bayan at kwentong -bayan, isinatitik ito ng isang maalam sa wika na mula rin sa lokal ng pag-aaral. Pagkatpos ng pagsasatitik ay isinalin ito ng isang propesyonal na Tboli na maalam sa wikang Tboli at Filipino. Upang makatiyak sa kawastuhan ng salin, sumailalim ito sa balik-salik sa pamamagitan ng isang Tboli na parehong maalam sa wikang Tboli at Filipino.

## III. RESULTS AND DISCUSSION

| Kwentong Bayan | Tboli | Filipino |
|---|---|---|
| | 1.Tutul Tuha Logi ne Bong Busaw | Kwento ng Matandang Lalaki at Ni Bong Busaw |
| | 2.Tehe Ketbó Hólón | Pagsabog ng Bulkang Holon |
| | 3.Tau Kmalud Lem Tuduk | Ang Lalaking Naghahabi ng Abaka |
| | 4.Tutul Yem Libun Nsék Kuled Kedekol | Kwento ng Babaeng Inatake ng Kedekol na Uod |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| AWITING BAYAN | | |
| | 1. Lingón Yakú | Awit ng Yakú |
| | 2. Lingón Byaku | Lingón Byaku |
| | 3. Lingón Hidó | Awit ng Hidó |
| | 4. Lingón Lemuk | Awit ng Lemuk |
| | 5. Lingón Ool | Awit ng Ool |

Makikita sa talahanayan 1 ang mga nakalap na oral na Panitikan ng mga Tboli na matatagpuan sa Lemsnolon, Tboli, South Cotabato partikular ang Kwentong Bayan at Awiting Bayan. Ang mga Kwentong Bayan na nakalap ay ang mga sumusunod: (1) Tutul Tuha Logi ne Bong Busaw (2) Tehe Ketbó Hólón (3) Tau Kmalud Lem tuduk (4) Tutul Yem Libun Nsék Kuled Kedekol. Ang mga awiting bayan naman ay: (1) Lingón Yaku (2) Lingón Byaku (3) Lingón Hidó (4) Lingón Lemuk (5) Lingón Ool.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**TALAHANAYAN 2**
**MGA ISYUNG PANGKALIKASAN**

| PAMAGAT | KALIKAS AN | ISYU |
|---|---|---|
| 1. **Awit ng Byaku**<br>*awiting bayan*<br>2. **Awit ng Hidó**<br>*awiting bayan*<br>3. **Awit ng Lemuk**<br>*awiting bayan*<br>4. **Awit ng Ool**<br>*awiting bayan* | -pagputol sa mga puno<br>-kawalan ng puno<br>- baha<br>-lindol | -Pang-aabuso at Pagpapabay a sa Kalikasan |
| 1. **Awit ng Yaku**<br>*awiting bayan*<br>2. **Pagsabog ng Bulkang Holon**<br>*kwentong bayan* | -bulate<br>-pagputok ng bulkan | -Kawalan ng Katarungan |
| 1. **Kwento ng Matandang Lalaki at Ni Bong Busaw**<br>*kwentong bayan*<br>2. **Ang Lalaking Naghahabi ng Abaka**<br>*kwentong bayan*<br>3. **Kwento ng Babaeng Inatake ng Kedekol na Uod**<br>*kwentong bayan* | -tubo, palay,saging, kamote, kamoteng kahoy, pipino, kalabasa, mais<br>- malaking uod<br>- Kedekol na Uod | - Pagkagaha man sa Kayamanan |

Nasalamin sa mga oral na Panitikan ng mga Tboli ang suliraning pangkalikasan na siyang nagdulot ng pagkabahala sa mga kasapi ng pangkat.

### Pang-aabuso at Pagpapabaya sa Kalikasan

Ang kwentong "Awit ng Byaku", ay kakikitaan ng isyung pang-aabuso at pagpapabaya sa kalikasan. Ang madalas na pag-ulan na isang natural na kalamidad ay lalong pinalala ng masasamang gawain ng tao. Katulad ng isinasaad sa kwento, namomoroblema ang ibong Byaku dahil wala na silang makakain sapagkat nalanta na ang kanilang mga pananim dahil sa palagiang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pag- ulan. Ayon sa kwento, ang mga tao ay nagsasagawa ng illegal logging kaya't kapansin-pansin ang pagkawala ng tahanan ng mga ibon at unti-unting nakalbo ang kagubatan.

Ang kanilang isinasagawang illegal logging ay isang pagsasamantala sapagkat wala itong permiso mula sa lokal na pamahalaan. Ang mga puno na dapat sanang pumipigil para maiwasan ang pagguho ng bundok at para maiwasan ang baha ay wala na. Dahil sa mga taong puro pera ang iniisip kaya maraming tao ang nadadamay sa matinding pagbaha. Malaki ang epekto nito sa pagbabago ng klima sa mundo. Ang mga puno ang sumisipsip ng Carbon Dioxide sa atmospera, kapag pinutol ang mga puno tataas ang lebel ng greenhouse gas na magbubunga ng pag-init ng mundo. Masisira rin ang tirahan ng mga hayop na magbubunga sa pagkamatay at pagkaubos ng mga ito na tumutulong upang mapanatili ang balance ng ating ecosystem. Magkakaroon din ng pagguho ng lupa at pagbabaha dahil ang mga puno ay nagsisilbing daluyan ng tubig upang ipamahagi sa lupa sa kagubatan. Magbubunga ng pagkatuyot at pagkamatay ng mga tanim samantalang magdudulot din ito ng palagiang pagbaha sapagkat wala nang sisipsip sa tubig ulan na dumadaloy sa kagubatan. May mga batas na ipinatutupad ang pamahalaan at ito ay ang PD 705 na nagpoprotekta ng kagubatan at kakahuyan sa Pilipinas. Ito ay nagsasaad ng epektibong pangangasiwa ng yamang-lupa sa bansa. Isa pa ay ang pagsubaybay sa dami at klase ng kakahuyan na maaaring putulin, kasama na rin ang pagkuha ng lisensya ng mga kompanyang puputol ng puno. (The LawPhilProject)

Ipinapakita naman sa awiting bayan na "Awit ng Hidó", ang landslide na ang dahilan din pagkaubos ng mga puno. Ang landslide ay mula sa mga paglindol, pagbagyo, pagsabog ng bulkan, sunog at ng pagbabagong ginagawa ng tao sa lupa.

Ayon sa talakay ng Department of Homeland Security (2017), ang suliranin sa pagguho ng lupa ay dahil sa hindi wastong pangangasiwa sa lupa, lalo na sa bundok, at mga rehiyong baybayin. Sa mga pook na nasunog dahil sa pagkakaingin at mga forest at brush fire, ang madalas na pag-uulan ay maaaring pagsimulan ng mga pagguho ng lupa. Maraming bato, lupa, o debris ang bumababa sa nakahilig na bahagi ng lupa. Nangyayari ito kapag mabilis na naiipon ang tubig sa lupa dahil sa malakas ang pag-ulan o mabilis ang pagtunaw ng yelo. Dumadaloy ito nang mabilis, at walang babala. Humuhugot ito ng mga puno, malalaking bato, sasakyan at iba pang bagay gaya ng buhay.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang pangyayaring binanggit sa awit ay kahalinutulad ng masaklap na pangyayari ng pagguho ng kabundukan sa Barangay Guinsaugon, St. Bernard, Southern Leyte noong Pebrero 17, 2006. Buong barangay ang natabunan ng bato at putik at nailibing din ng buhay ang mga nagkaklase sa elementarya na kung saan 1,100 na tao ang namatay. Sinasabing dahil sa nakaraang mga pag-ulan at paglindol ang dahilan ng landslide na ito at ang talamak na illegal logging sa lugar (Pilipino Star Ngayon, 2018).

Mababakas naman sa kwentong *"*Awit ng Lemuk", ang suliranin sa pagragasa ng malaking tubig-baha na ikinasalanta ng lugar ng ibong Lemuk. Ang baha ay dahil sa komplikadong kumbinasyon ng panahon, at mga gawain ng tao. Ang pananalasa ng bagyo ay nagpapataas ng lebel ng tubig nang kung ilang talampakan, na maaaring magpalubog sa mga mababang lugar sa isang komunidad.

Dahil sa pang-aabuso ng tao sa kalikasan, nababawasan ang kakayahan ng lupa upang sumipsip ng tubig na nagdudulot ng pagbaha. Katulad na lamang ng pagtira ng mga eskwater sa tabing ilog o daanan ng tubig ay nakasisikip sa maayos at normal na daloy nito, ang di- maayos na pamamahala ng basura ay nagdudulot ng pagbara ng mga pangunahing daluyan ng tubig, ang pangangahoy at pagkakaingin kung saan nauubos ang mga punong sumisipsip sa tubig ulan na nagdudulot ng malawakang pagka- agnas ng lupa, ang pagpapasabog at pagmimina ay nagbubunga ng pagbara sa mga daanan ng tubig, at ang pagkasira ng dam ay nagreresulta ng malawakang pagbaha sa mga mababang lugar sa isang komunidad. Dito maatutunghayan na ang mga gawi ng tao ay nagdudulot ng malaking pagbabago sa kalikasan na nagpapalala sa problema ng pagbaha.

Ang naganap sa kwento ay katulad ng malalang iniwang trahedya ng bagyong Ompong sa hilagang bahagi ng Luzon partikular sa Cagayan at Kalinga na nanalanta noong Setembre 5, 2018. Nawasak ang mga imprastraktura, kabahayanan, taniman, at maraming buhay ang kinuha. Ayon sa karanasan ni Joel Lobriego, nasa bahay sila noon ng kanyang pamilya nang kasagsagan ng bagyo subalit noong nakaramdam sila ng parang hinihigop na sila, inilipat nya ang kanyang pamilya sa bahay ng kapit-bahay (Canoy, 2018).

Ang kwentong Awit ng Ool ay nagsasalaysay naman ng problema sa lindol. Hindi alam ng ibong Ool ang kanyang gagawin maging ang mga kasamahan niya ay natataranta sa pagyanig

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

ng lupa. Maraming ari-arian ang nawasak at buhay na nawala dahil sa lindol. Ito ay maaring isang natural na kalamidad o gawa ng tao gaya ng pagmimina.

Katulad ng naganap noong Hulyo 16,1990, isang napakasaklap at di makalilimutang karanasan ang dinanas ng ating mga kababayan ang nagpayanig sa buong bansa nang malaman ang balita. Isang napakalakas na lindol na may magnitude 7.8 ang kumitil ng 2,412 na buhay, Labis na napinsala rito ang Baguio, Cabanatuan, Nueva Ecija at Dagupan sa Pangasinan. Ayon sa PHILVOLKS, ilang daang libo rin landslide ang naitala sa Northern at Central Luzon (Fanger, 2019).

Kahalintulad din ito ng isang masamang pangyayari noong Disyembre 2011, ilang araw pagkaraang kunin ng bagyong Sendong ang buhay ng 1,257 katao, sinira ang mga tahanan at kabuhayan. Isang matinding pagyanig ng lupa naman ang naganap noong Enero 2012 sa Pantukan, Mindanao, isang bayan na umaasa sa pagmimina, kung saan 31 ang namatay at daan-daan ang nawawala (GlobalVoices, 2012).

**Kawalan ng Katarungan**

Makikita sa awit ng Yaku ang kawalan ng katarungan ng mga maliliit na nilalang gaya ng mga bulate. Sila ang ginagamit upang mabuhay at magkamal ng salapi ang mayayaman, ang mas mataas sa kanila. Pinapain ang buhay ng maliliit para sa sariling interes gaya ng kinasapitan ni Yaku. Ginawa siyang pain upang mabuhay ang gumagamit sa kanya. Hindi iniisip ng lapastangan na ito ang kapakanan ng ibang nilalang sapagkat sariling pagnanasa ang umiiral.

Maraming karanasan ang maiuugnay sa awiting ito na totoong nagyayari sa buhay ng maliliit at ng malalaking tao. Ang maliliit ay kadalasang inaapak-apakan na lamang. Mga pagtrato ng nauuwi sa kawalan ng karapatang mabuhay sa mundo pagkat ang tingin ng naghaharing-uri ay lubhang napakababa. Gaya ng pang-aalipin ng amo sa kanyang katulong, tratong hayop. Ang pagpapasahod ng napakaliit na halaga ng mga dambuhalang negosyante sa kanyang mga trabahodor na hindi kayang bumuhay ng pamilya ngunit dahil sa kahirapan kakapit na lang sa patalim. Ang pananamantala sa mga katutubo ng mga malalaking korporasyon, tulad ng

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pagpapaalis sa kanila sa sarili nilang lupain o kaya naman ay gagawin silang alipin ay talamak na nangyayari sa bansa at sa buong mundo. Ito ay kawalan ng katarungan na minana pa noong unang panahon.

Ayon sa Philippine Task Force For Indigineous Peoples Right (2016), ang pananamantala ng iba sa karapatan ng mga katutubo sa kalikasang kayakap nila sa araw-araw ay patuloy na nabubuhay. Gaya na lamang ng hayagang pangangapital ng mga dambuhalang kumpanya na umuubos ng mga likas na yaman para sa industriyal na gamit tulad ng pagmimina, enerhiya at mga plantasyon. Lalong minaliit ang mga dukha. Nagtatrabaho sa sariling lupa subalit iba ang nabubusog at nakikinabang.

Nawawalan sila ng kabuhayan at pinagdadamutan ng yamang nakukuha sa lupa gaya ng mga halamang gamot, bungang kahoy, maiilap na hayop, isda at mineral na nakukuha sa simpleng pamaraan. Marami sa kanila ang nagsialis, ang iba naman ay nanganganib ding mapalayas sa kanilang sariling lupain. Kapag ito ay nagtuloy-tuloy ang mga mananamantala lamang ang makikinabang. Isang masaklap na bukambibig ng mga ahensya ng pamahalaan at namumuhunan na para sa kaunlaran ang kanilang mithiin, subalit isang kabalintunahan lamang ang lahat, ang katotohanan ay mapaminsala sa mga katutubo ang kaunlarang ito.

Isa pang halimbawa ng kwentong kasasalaminan ng kawalan ng katarungan ay ang "Pagsabog ng Bulkang Holon". Dahil sa biglaang pagpasok at pakikialam ng mga treasure hunter sa yaman ng Holon, nawasak ito. Walang kakayahan ang mga katutubo upang labanan ang pakawala ng mga matataas na taong nasa likod nito.

Sabi nga hanggat may nakatataas at nagigipit, magiging kaugalian na ng isang lipunan na pagsamantalahan ang mga nagigipit (Leyretana, 2018).

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pagkagahaman sa Yaman at Kapangyarihan**

Ang kwentong "Kwento ng Matandang Lalaki at ni Bong Busaw" ay kasasalaminan ng pagiging gahaman sa yaman. Makikita rito ang kasakiman at katakawan nila sa mga pananim na hindi nila pag-aari. Pumunta sila sa isang lupaing mayaman na sagana sa mga gulay at prutas. Inani at kinain nila ito na parang sila ang nagmamay-ari at kinalat ang kanilang pinagkainan. Nilapastangan nila ang lugar ni Bong Busaw. Sila rin ang dahilan ng kamatayan nito at ng buong pamilya dahil sa pagkain sa dumi ni Bong Blutut. Di pa sila nasiyahan, pagkatapos ay binalikan nila ang lupain upang anihin pa ang hindi naaani kinamkam nila ang mga ari-arian ni Bong Busaw at naghari-harian sa lugar.

Masasalamin din ang pagkaganid sa yaman ang kwentong "Ang Lalaking Naghahabi ng Abaka" at "Kwento ng Babaeng Inatake ng Kedekol na Uod". Ipinapakita sa kwneto ang pagkaganid ng mga malalaking uod na sumisipsip sa dugo ng mga asawang babae sa kwento. Ayaw nilang may ibang makikinabang o kaagaw sa mayamang lupain kaya pinatay nila ang mga babaeng walang kalaban-laban. Ang mga malalaking uod ay parang mga linta kung manipsip ng dugo. Hindi titigilan ang biktima hanggat may masisipsip. Sasairin ang dugo hanggang mawalan na ng lakas. Ang mga babae sa akda ay kawangis ng Inang kalikasan na sinasagad at inaabuso ng mga sukab sa yaman at kapangyarihan. Hindi titigil hanggat hindi nauubos ang mga puno, mineral at mga isda sa mga kagubatan at karagatan. Sinira ang likas na yaman ng bansa dahil sa labis-labis na paggamit ng mga sukab na negosyante. Walang epektibong programa at batas para sa pangangalaga ng kalikasan sapagkat ultimo batas ay nababayaran.

Tulad ng mga kagubatan na pakunti na nang pakunti, naging 6.43 milyong ektarya na lang mula sa dating 17 milyong ektarya. Kinatatakutan na tuluyan nang mawala o masira ang mga kagubatan kung magpapatuloy ang deforestation. Nagsimula ito noong dekada 1500 kung saan may 27 milyong ektarya ng kagubatan noon ngunit noong 2013 ay naging 7.2 milyong ektarya na lamang (Philippine Climate Change Commission, 2010). Ayon naman sa ulat ng European Union Joint Research Centre, 19% na lamang ang mga kagubatan sa bansa (Country delegate to the European Commission, 2009). Dagdag pa ng Status of Philippine Forests (2013) ang dahilan ng deforestation ay ang ilegal na pagputol ng mga punongkahoy, kawalan ng dila sa pagpapahinto ng illegal logging. Nagdudulot ng iba't ibang problema ang walang tigil na pagputol ng puno gaya ng

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pagbaha, pagguho ng lupa, at pagkasira ng tahanan ng mga ibon at hayop. Ang pagtaas ng pangangailangan sa mga pangunahing produkto dahilan kung bakit ang kagubatan ay ginawang plantasyon, subdivision, paaralan, at paggamit ng puno bilang panggatong gaya ng paggawa ng uling mula sa puno. Apektado rin ang kagubatan sa pagmimina dahil kailangang putulin ang mga puno upang maging maayos ang operasyon dahil kadalasang dito makikita ang deposito ng mga mineral tulad ng nicke, limestone, copper, at gold (Ferrer, 2017).

Ang nakararanas ng malaking epekto ng pagkasira ng kagubatan ay ang mga mamamayan at higit sa lahat ang mga dukhang umaasa lamang sa kagubatan. Ang di mapigilang pagliit ng kagubatan ay nagpapababa rin sa pinagkukunan nila ng kabuhayan

## IV. CONCLUSION

Napatunayan sa isinagawang pananaliksik na mayaman sa oral na Panitikan ang mga Tboli na kinapapalooban ng kanilang mayamang kultura at karanasan. Napatunayan din sa isinagawang pagsusuri sa mga Kwentong Bayan at Awiting Bayan na labis ang pagpapahalaga at pag-iingat ng mga Tboli sa kalikasan sapagkat ito ay itinuturing nilang kayamanan at buhay.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## REFERENCES

[1.] Batongbacal J. l., (2010). Batas, katarungan,at kalikasan. 82 Social Science Diliman (June 2011) 7:1, 82-98. ISSN 1655-1524 Print / ISSN 2012-0796 Online, from https://journals.upd.edu.ph/index.php/socialsciencediliman/article/viewFile/2307/2199

[2.] Canoy J. (2018).Ompong, pumatay,naminsala ng kabuhayan at mga pananim. ABS-CBN News, from https://news.abs-cbn.com/news/09/16/18/ompong-pumatay-naminsala-ng-kabuhayan-at-mga-pananim

[3.] Dizon, R. B., Ijan, M.B., Pantorilla, C.R., Sandoval, M A. S.,(2018).Ekokritisismo at pagpapahalaga sa kalikasan. Engineering Road, Araneta University Village, Potrero, Malabon City: MUTYA Publishing House, Inc.

[4.] Department of Homeland Security (2017). https://www.dhs.gov/sites/default/files/publications/dhs_agency_financial_report_fy2017_1.pdf

[5.] Fanger, S. (2019). Fast facts: the 1990 Luzon Eartquake, from https://www.rappler.com/newsbreak/iq/235492-things-to-know-about-luzon-earthquake-1990

[6.] Ferrer, R., (2017). *Mga Hamong Pangkapaligiran, from* https://www.slideshare.net/ruthferrer2/isyung-pangkapaligiran-ap-10

[7.] Forestry Reform Code of the Philippines. https://lawphil.net/statutes/presdecs/pd1975/pd_705_1975.html

[8.] JW.ORG(1986). *Pag-aabuso sa Kapangyarihan—Matatapos Pa Kaya?,* fromhttps://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/1986600

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[9.] Leyretana, R.N. P. (2018). Ang mga “mukha ng paniniil” ni Irish Marion Young at ekofeminismo: Tungo sa pagpapaunlad ng Diskursong- kalikasan. Bigkisining: Creativeness and innovations for global environmental sustainability from https://filipinochs7ste1group2.wordpress.com/2017/03/01/kalikasan-partikular-sa-pang-aabuso-at-pagkasira-nito

[10.] Mabaquio N. M. Jr.(2019). *Diyos at kasamaan: Ang kaugnayan ng kanilang pag-iral / God and Evil: The relation of their existence MALAY 31 (2) 2019, pp. 18-28, from https://www.academia.edu/40577687/Diyos_at_Kasamaan_Ang_Kaugnayan_ng_Kanilang_Pag-iral_God_and_Evil_The_Relation_of_their_Existence_*

[11.] Pilipino Star Ngayon, (2018). Editoryal-Kailan matututo sa trahedya? from

https://www.philstar.com/pilipino-star- ngayon/opinyon/2018/09/24/1854126/metro

[12.] Philippine Task Force for Indigineous Peoples Right (2016). *Hinggil sa karapatan ng mga katutubo at kahalagahan ng pagsalin ng katutubong kaalaman at kultura from* http://philtfip.org/wp-content/uploads/2016/01/Hinggil-sa-Karapatan-ng-mga-Katutubo-at-Kahalagahan.pdf

[13.] Wikipediang Tagalog (2019). *Mga isyu sa kapaligiran sa Pilipinas, from https://tl.wikipedia.org/wiki/Mga_isyu_sa_kapaligiran_sa_Pilipinas*

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved